


Edukasyon sa Pagpakatao

Ika-apat na Markahan – Modyul 1:
Isyung Kaugnay sa Kawalan ng
Paggalang sa Dignidad at
Sekswalidad



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 1: Isyung Kaugnay sa KAwalan ng Paggalang sa Dignidad
st Sekswalidad**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: **Leonor Magtolis Briones**

Pangalawang Kalihim: **Diosdado M. San Antonio**

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jacquiline P. Puyao
Editor:	Annie Rose B. Cayasen
Tagasuri:	Erlinda C. Quinuan
Tagalapat:	Blessy T. Soroyoroy
Tagapamahala:	May B. Eclar
	Benilda M. Daytaca
	Carmel F. Meris
	Ethielyn Taqued
	Edgar H. Madlaing
	Rizalyn A. Guznian
	Sonia D. Dupagan
	Vicenta C. Danigos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera

Office Address: Stockfarm, Wangal
La Trinidad, Benguet

Telefax: (074) – 422 - 4074

E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ika-apat na Markahan – Modyul 1:
Isyung Kaugnay sa Kawalan ng
Paggalang sa Dignidad at
Sekswalidad**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay isinulat para matugunan ang iba't ibang paraan ng pagkatuto ng bawat mag-aaral. Hangad ng modyul na ito na maunawaan mong lubos ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad. Ang saklaw ng araling napapaloob sa modyul na ito ay maaring makatulong sa mga sitwasyong maaaring harapin ng mag-aaral kinabukasan. Kinikilala sa bawat sitwasyong ginamit ang iba't-ibang kultura ng bawat mag-aaral na gagamit nito. Ang bawat aralin ay isinaayos ayon sa katangi-tanging paraan sa pagkatuto ng bata.

Pagkatapos mong isagawa ang mga gawain sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod:

- A. Natutukoy ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad. EsP10PI-IVa-13.1
- B. Nasusuri ang mga kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad. EsP10PI-IVa-13.2



Subukin

Panuto: Basahing mabuti at unawain ang bawat tanong o sitwasyon. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tumutukoy sa mahahalay na palabas, larawan o babasahin na may layunin na pukawin ang sekswal na pagnanasa ng tao?
 - A. Sekswalidad
 - B. Pornograpiya
 - C. Prostitusyon
 - D. Senswalidad
2. Ang isyung pakikipagtalik nang hindi pa kasal ay isyung may kinalaman sa:
 - A. Pre-marital sex
 - B. Paninirang puri
 - C. Pang-aabusong sekswal
 - D. Pagkasira ng relasyon ng nagmamahalan
3. Ang kadalasang binibiktima ng mga ito ay mga bata o kabataang madaling maimpluwensiyahan at may kahinaan ng kalooban. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy sa pangungusap na ito?
 - A. Magnanakaw
 - B. Parasites
 - C. Pedophiles
 - D. Matatanda
4. Ano ang sinasabing pinakamatandang propesyon o gawain?
 - A. Politiko
 - B. Pagtulong
 - C. Prostitusyon
 - D. Pag-aartista
5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapatunay na ang prostitusyon ay mapagsamantala?
 - A. Nakapagbibigay aliw ito sa mga tao
 - B. Nakatutulong ito sa mga nangangailangan
 - C. Nakapagbibigay ligaya sa mga taong may gusto nito
 - D. Ang taong bumubili ay sinasamantala ang kahinaan ng taong sangkot ditto

6. Ang mga sumusunod ay mga pananaw ng tao na dahilan kung bakit kadalasan ang mga kabataan ay pumapasok sa maagang pakikipagtalik maliban sa isa:
- A. Ang pakikipagtalik ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal.
 - B. Ang pakikipagtalik ay normal at likas na pangangailangan ng ating katawan.
 - C. Ang pakikipagatalik ay hindi kabilang sa mga biyolohikal na pangangailangan.
 - D. Ang pakikipagtalik ay tama lang lalo na kung ang gumagawa nito ay parehong sang-ayon.
7. Ano ang epekto ng pornograpiya sa tao?
- A. Maaaring magbago ang asal ng tao
 - B. Magiging responsable patungkol sa gawaing sekswal
 - C. Magkakaroon ng mas maraming kaibigan
 - D. Makapaghihikayat ng kapwa upang manood ng malalaswang palabras
8. Ang layunin ng sekswalidad na kaloob sa atin ng Diyos ay upang:
- A. Magkaroon ng maraming kaibigan
 - B. Makamit at madama ang tunay na pagmamahal
 - C. Maunawaan ang tunay na kahulugan ng sekswalidad
 - D. Maibahagi sa kapwa ang nalalaman tungkol sa sekswalidad
9. Ang mga sumusunod ay mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad maliban sa isa:
- A. Prostitusyon
 - B. Pornograpiya
 - C. Pre-marital sex
 - D. Paggalang sa sarili
10. Ang paggamit ng kasarian ay para sa mag-asawa na ang layunin ay:
- A. Ipakita ang pagmamahal sa bawat isa
 - B. Paligayahin ang minamahal na kinakasama
 - C. Ibigay ang pangunahing pangangailangan ng bawat isa
 - D. Ipadama sa bawat isa ang pagmamahal at magkaroon ng anak.
11. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng pagpapakita ng paggalang sa seskswalidad at dignidad ng tao maliban sa isa:
- A. Hindi pinakialaman ni Diego ang pagkababae ng kasintahan dahil sila ay hindi pa kasal.
 - B. Pinagalitan ni Dana ang kaniyang kaibigan dahil sa maling paniniwala tungkol sa sekswalidad.
 - C. Palaging nanonood si Pedro ng malalaswang palabas sa halip na gawin ang kaniyang takdang aralin.
 - D. Hinintay ni Juan na makapagtapos sila ng kaibigan ng pag-aaral bago sabihin ang kaniyang pagmamahal.

12 – 13. Basahin ang sitwasyon at gamitin ang impormasyong nakapaloob dito kapag sinasagot ang item 12 at 13.

Matagal nang mag nobyo sina Pedro at Petra. Isang araw, inaya ni Pedro si Petra sa kanilang bahay. Dahil wala doon ang mga magulang ni Pedro, sinabi niya kay Petra na kung mahal niya ito papayag itong makipagtalik sa kanya habang hinihipoan ito.

12. Ano ang nararapat na gawin ni Petra sa sitwasyon?
- A. Hiwalayan si Pedro habang wala pang nagyayaring masama
 - B. Isumbong si Pedro sa kaniyang mga magulang
 - C. Magalit kay Pedro dahil masam ang iniisp at iwanan siyang mag-isa sa kanilang bahay
 - D. Hindi papayag sa gusto ni Pedro at ipaliwanag na mali ang nasa kaniyang isip
13. Anong isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seskwalidad ang nasa sitwasyon?
- A. Prostitusyon
 - B. Pakikipagtalik nang hindi pa kasal
 - C. Maagang pagbubuntis
 - D. Pang-aabusong sekswal
14. Ang pagsasagawa ng *pre-marital sex ay humahantong sa:*
- A. Pagbibigay ng tiwala sa sarili
 - B. Pagbibigay ng inspirasyon sa kapwa
 - C. Pakiramdam na marumi at nagamit
 - D. Pakiramdam na nakatulong sa kapwa nangangailangan
15. Ang pakikipagtalik ay gawaing nararapat lamang gampanan ng mga:
- A. Mag-asawang nais bumuo ng pamilya
 - B. Magkarelasyon na matagal nang nagmamahalan
 - C. Nagmamahalang gustong ipakita ang pagmamahal
 - D. Taong nais gawin ito na umaayon na gawin ang kilos.

Aralin

1

Isyung Kaugnay sa Kawalan ng Paggalang sa Dignidad at Sekswalidad




Balikan

Noong ikaw ay nasa baitang 8, natutunan mo kung ano ang sekswalidad. Nalaman mo ang sagot sa mga katanungang, Bakit may sekswalidad? Bakit may pagmamahal? at kailan maaaring bumuo ng sariling pamilya? Dagdagan natin ngayon ang iyong kaalaman. Bago tayo magpatuloy, gawin muna ang Gawain sa ibaba.

Gawain 1. Balik tanaw

PANUTO: Kopyahin ang *diagram* sa iyong sagutang papel at sumulat ng 5 sariling pagkaunawa sa salitang sekswalidad. Basahin ang kasunod na katanungan at sagutan.



1. Kung itatalakay mo ang tungkol sa sekswalidad, base sa iyong napag-aralan, anong mahalagang impormasyon ang bibigyang diin mo tungkol dito bilang isang mag-aaral na may pagpapahalagang moral at kakayahang gumamit ng sariling kapangyarihan?



Tala mula sa Guro

Ang modyul na ito ay nabuo upang mas mauunawaan/malaman mo ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad



Tuklasin

Gawain 1

PANUTO: Basahin at unawain ang sitwasyon. Sa iyong sagutang papel, isulat ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad.

Bakit tayo naririto sa daigdig? Tayo ba'y ipinapanganak na may mahirap at may mayaman? Ito ang aking katanungan simula nang ako'y nasa sekondarya.

Produkto ako ng isang wasak na pamilya, dahil dito naranasan ko ang paulit-ulit na pangungutya ng mga taong nasa aking paligid. Ang tatay ko ang nagsimula ng gulo sa aming pamilya. Madalas siyang umuwi nang lasing, walang ginawa kundi saktan ang aming ina, at hawakan ang maseselang parte ng katawan nito sa aming harapan. Kaming magkakapatid ay hindi nag-uusap at hindi nagkakaunawaan, hanggang sa isang araw may naniningil ng malaking halaga ng pera sa aming ina dahil ito'y utang umano ng aming ama. Dahil ayaw ng aming ina na saktan ng aming ama, napilitan siyang ibenta ang kaniyang sarili upang makabayad sa utang. Hindi namalayan ng aming pamilya na nabuntis ang aking ate dahil napasama siya sa isang fraternity at hindi alam kung sino ang ama ng nasa kaniyang sinapupunan. Mahilig ang aking kuya sa panood ng malalaswang pelikula dahilan ng kaniyang pagbagsak sa klase. Ang aking nakababatang kapatid naman ay naranasan nang mahipoan ng aming kapitbahay. Hindi ko alam kung ano ang aking gagawin kung paano matutulungan ang aking pamilya. May pag-asa pa kaya na mabago ang gawi ng bawat isa?

1. Ano-ano ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad ang nasa sitwasyon?

A. _____

B. _____

C. _____

D. _____

E. _____



Suriin

Araw-araw, iba't iba ang mga nakababahalang isyung nangyayari sa ating mundo na ating naririnig o napapanood. Ilan sa mga ito ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad ng tao. Ang sekswalidad ay isang banal na bahagi ng ating pagkatao at hindi ito laruan. Dito nakaugat ang ating pagkatao. Ito ang dahilan kung bakit ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad ay hindi tinatanggap na makataong pagtrato sa sekswalidad. Isa itong paninira o pagpapababa ng dignidad ng tao. Walang batayang moral ang pag-eeksperimento sa sekswal na gawain. Sa anumang relihiyon sa ating bansa, ito ay isang kasalanan. Nangangahulugan ito ng kawalan ng paggalang sa sarili at sa kapwa. Ang paggalang sa sekswalidad mag-isa ka man o may kasama ay dapat manaig dahil hindi nawawala ang dangal ng isang tao. Hindi ito katulad ng bagay na maaari mong itapon o isantabi kung luma na o ayaw mo na. Ang dignidad ng tao ay hindi nawawala hangga't nabubuhay ito. Nabibigyang dangal ang sekswalidad kung ito ay gagamitin sa kabutihan at tamang kadahilanan at hindi sa personal na kaligayahan o pagnanasa lamang. Sa tamang pagpapahayag at paninindigan dito, naitataas ng tao ang kanyang dignidad.

Mga Isung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad

1. Pagtatalik bago ang kasal (pre-marital sex)

-Ito ay gawaing pagtatalik ng isang babae at lalaki na wala pa sa tamang edad o nasa edad man ngunit hindi pa kasal.

-Ang pagtatalik ay hindi pangangailangang biyolohikal tulad ng pagkain at hangin. Ibig sabihin hindi kailangan ng tao na makipagtalik upang mabuhay sa mundo.

Mga pananaw na siyang dahilan kung bakit ang tao lalo na ang kabataan ay pumapasok sa maagang pakikipagtalik.

1. Ang pakikipagtalik ay ekspresyon o pagpapahayag ng pagmamahal
2. Ito raw ay isang normal o likas na gampanin ng katawan ng tao upang maging malusog at matugunan ang pangangailangan ng katawan
3. Ang mga gumagawa ng pre-marital sex ay naniniwalang may karapatan silang makaranas ng kasiyahan.
4. Maituturing na tama ang pakikipagtalik lalo na kung parehong ang gumagawa nito ay may pagsang-ayon.

Ang pakikipagtalik nang hindi pa kasal ay nagpapahayag ng kawalan ng paggalang, komitment, at dedikasyon sa katapat na kasarian. Maaaring ang kabataang nagsasagawa ng pre-marital sex ay hindi pa handa sa magiging bunga ng kilos na nagawa.

2. **Pornograpiya**

- Ito ay galing sa salitang Griyego “*porne*” na ang kahulugan ay *prostitute* o taong nagbebenta ng panandaliang aliw at “*graphos*” na nangangahulugang pagsulat o paglalarawan.
- Ito ay biswal na representasyon ng sekswalidad na binabago ang sekswal na pananaw at pag-uugali ng tao, gayundin ang paningin patungkol sa pakikipagtalik at *conjugal relationships* (Fagan, 2009).
- Ito ay mga mahahalay na paglalarawan (babasahin, larawan, o palabas) na may layuning pukawin ang seksuwal na pagnanasa ng nanonood o nagbabasa.
- Ito rin ay ginagamit ng mga *pedophiles* sa *internet* upang makuha ang kanilang mga bibiktimahin
- Ayon sa batas ng *Pilipinas sa Revised Penal Code of the Pilipinas at Batas Republika Blg. 7610*, ang pornograpiya ay ipinagbabawal na doktrina, publikasyon, paabas, at iba pang mga katulad na material o paglalarawan na nagpapakita ng imoralidad, kalaswaan at kalibugan.

Epekto ng pornograpiya sa isang tao

1. Ang maagang pagkahumaling sa pornograpiya ay nagkakaroon ng kaugnayan sa pakikibahagi ng tao o paggawa ng mga abnormal na gawaing seksuwal, lalong-lalo na ang pangahalay.
2. Ang pagkakalantad sa pornograpiya ay maaring humantong sa maagang karanasang sekswal sa mga kabataan, pagkakaroon ng *permissive sexual attitude, sexual preoccupation*, at pag-uugali na *sexist* (Quadara, El-Murr & Latham, 2017)
3. May mga kalalakihan at kababaihan ding dahil sa pagkasugapa sa pornograpiya ay nahihirapang magkaroon ng malusog na pakikipag-ugnayan sa kanilang asawa. Nakararanas sila ng seksuwal na kasiyahan sa panonood at pagbabasa ng pornograpiya, at pang-aabuso sa sarili at hindi sa normal na pakikipagtalik.
4. Dahil dito, ang asal ng tao ay maaaring magbago. Ang mga kaloob ng Diyos na sekswal na damdamin na maganda at mabuti ay nagiging makamundo at mapagnasa.

3. **Pang-aabusong Seksuwal**

- Ito ay anyo ng karahasan kung saan ang hindi ginusto o hindi inanyayahang sekswal na kilos o gawain ay pinilit ng isang salarin sa isang tao nang walang pahintulot nila, gamit ang pagbabanta, pananakot, o panloloko, at sanhi ng pagkabalisa at takot sa personal na kaligtasan ng nabiktima, anoman ang kasarian at edad nito (Revised Penal Code; RA 8353; RA 9262; RA 11313).

- Nagsasangkot din ito ng pagsasamantala sa mga hindi maaaring magbigay ng pahintulot para sa personal na pang-sekswal na kasiyahan, sa hayagang pangmamahiya ng biktima sa pamamagitan ng kaniyang sekswalidad o sa *commercial sexual exploitation*.

- Ito ay maaaring paglalaro sa maseselang bahagi ng sariling katawan o katawan ng iba, paggamit ng ~~iang~~ bahagi ng katawan para sa seksuwal na gawain at *sexual harassment*. Maaring hindi direktang pisikal na gawain tulad ng paglalantad ng sarili na gumagawa ng seksuwal na gawain (*exhibitionism*), *paninilip o pamboboso sa iba*, *pang-aakit (seduction)*, o *paggamit ng seksuwal na salita*, *pabigkas o pasulat (catcalling at sexual innuendo)*.

- Karamihan sa mga biktima ng pang-aabusong seksuwal ay ang mga bata o kabataang may mahihinang kalooban, madaling madala, may kapusukan at kadalasan, iyong mga nabibilang sa mahihirap at pamilyang hiwalay ang mga magulang. Sa gitna ng kanilang pagiging mahina, pumapasok ang mga taong nagsasamantala, tulad ng mga **pedophile** na tumutulong sa mga batang may mahinang kalooban subalit ang layunin pala ay maisakatuparan ang pagnanasa. May mga magulang din na sila mismo ang nanghihikayat sa kanilang mga anak na gawin ito upang magkapera. Ilan sa mga ito ay sila mismo ang umaabuso sa kanilang mga anak.

Mga uri ng pang-aabusong seksuwal (ayon sa mga kasalukuyang batas ng Pilipinas):

1. *Sexual Harassment*
2. *Lascivious conduct*
3. *Molestation*
4. *Rape (including attempted rape, marital rape, gang rape, incest)*
5. *Pedophilia*
6. *Seduction and corruption of minors*
7. *Sexual objectification*
8. *Sexual coercion or forced sexual activity*
9. *Commercial sexual exploitation of children*

4. Prostitusyon


- Ito ay sinasabing pinakamatandang propesyon o gawain.
- Ito ay pangangalakal ng serbisyo ng pakikipagtalik kapalit ng pera o personal na pakinabang (*Revised Penal Code*). Binabayaran ang pakikipagtalik upang ang tao ay makadama ng kasiyahang seksuwal.

- Ayon sa mga pag-aaral, karamihan sa mga taong nasasangkot sa ganitong gawain ay iyong mga nakararanas ng hirap, hindi nakapag-aral, at walang muwang kung kaya't madali silang makontrol. Mayroon din namang may maayos na pamumuhay, nakapag-aral ngunit marahil ay naabuso noong bata pa.

- Ito ay mapagsamantala sapagkat sinasamantala ng mga taong bumibili ang kahinaan ng babae o lalaking sangkot dito. Sa pamamagitan ng paggamit sa babae o lalake, nagsisilbi silang kasangkapan na magbibigay ng kasiyahang seksuwal. Sinasamantala naman ng tagapamagitan ang babae olalaking sangkot sa pamamagitan ng indi pagabayad o panloloko riyo. Ito ang dahilan kung bakit an gang prostitusyon ay nagiging pugad ng pamumuwersa at pananamantala.

- Naaabuso ng tao ang kaloob ng diyos na seksuwalidad. Isa sa mga

halaga ng seksuwalidad ay ang pagkakaranas ng kasiyahang seksuwal mula sa pakikipagtalik sa taong pinakasalan. Sa prostitusyon, ang kaligayahan ay nadarama at ipinadarama dahil sa perang ibinabayad a tinatanggap.



Pagyamanin

Gawain 3. Tukuyin mo

PANUTO: Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat ang **X** kung ito ay isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sesksuwalidad at dignidad at **Y** kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- ____ 1. Niyaya ni Juanito si Ana na magpakasal dahil sa kagustuhang bumuo ng sariling pamilya.
- ____ 2. Dahil sa matinding pangangailangan ng malaking halaga ng pera, napilitan ang ilang kabataan na ibenta ang kanilang katawan.
- ____ 3. Ang pakikipagtalik nang hindi pa kasal ay normal dahil ito ang gampanin ng katawan ng tao.
- ____ 4. Hinintay ni Pedro na nakapagtapos ng sila ng nobya sa pag-aaral at nakahanap ng trabaho bago niya ito inalok ng kasal.
- ____ 5. Niyaya ka ng kaibigan mong tumingin sa mga babasahin na may mga malalasang larawan. Ayon sa kanya, ito'y para sa ikabuuti mo dahil hindi ka magiging mangmang tungkol sa sex.
- ____ 6. Sa halip na pumayag si Diana sa alok ng kanyang nobyo na hawakan nito ang ilan sa maselang parte ng kanyang katawan, pinigilan ni Diana ang nobyo at ipinaliwanag na ito'y kawalan ng paggalang sa kanyang dignidad.
- ____ 7. Si Diego ay lihim na nahilig sa panonood ng pornograpiya. Ginawa niya ang lahat upang hindi malaman ng kanyang mga magulang.
- ____ 8. Nilinis ng nanay ni Juan ang kuwarto nito dahil may mga malalasang poster at magasin siyang itinatago roon.
- ____ 9. Hindi pumayag si Pedro na makipag-*video call* sa kaniyang kasintahan dahil ipinapakita ng kasintahan ang ilan sa maselang parte ng katawan sa kaniya.
- ____ 10. Hiniwalayan ni Ana ang kaibigan niyang lihim na kumukuha ng larawan niya habang siya ay naliligo.

Gawain 4. Suriin mo

PANUTO: Basahin ang bawat sitwasyon. Itapat sa bawat sitwasyon ang nagpapatunay na ito ay isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad. Kopyahin at ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel. Gabay mo ang halimbawa.

SITWASYON	Patunay na ito ay kabilang sa iysung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad	(prostitusyon / pornograpiya / pre-marital sex/ pang-aabusong sekswal
Halimbawa: Nakipaghiwalay si Jana sa kaniyang nobyo dahil tinangka nitong hawakan ang kaniyang pagkababae at makipagtalik sa kaniya.	<i>Tinangka nitong hawakan ang kaniyang pagkababae at makipagtalik sa kaniya.</i>	<i>Pang-aabusong sekswal</i>
1. Dahil sa sobrang pangangailangan sa pera, pinilit ng isang ina na kunan ang anak ng malalaswang larawan		
2. Pumayag ang isang dalaga na ibigay ang kanyang pagkababae sa kanyang nobyo dahil sa sobrang pagmamahal		
3. Maagang naging ama si Jose dahil sa paniniwalang ang pakikipagtalik nang hindi pa kasal ay normal lang dahil ito'y kailangan ng katawan.		
4. Pinagalitan si Laila ng kaniyang ina dahil nanonood siya ng video na may malaswang tema.		
5. Umiiyak na umuwi si Julia dahil hinipoan siya ng isang hindi kilalang tao sa sasakyan. Hindi niya nagawang humingi ng tulong dahil sa takot sa nakatutok na patalim sa kaniya.		

Gawain 5 Ang Sitwasyon

PANUTO: Basahin ang sitwasyon. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel.

Si Diego ay lihim na nanonood ng pornograpiya. Hindi ito alam ng kahit na sino maging ang kaniyang kasintahang si Mara. Habang tumatagal, lalong tumitindi ang pagnanais nitong makipagtalik sa kaniyang kasintahan. Unti-unting napapansin ni Mara ang pagbabago ni Diego. Gusto niyang kausapin si Diego dahil alam niyang napakahalaga ng komunikasyon sa isang relasyon ngunit bihira naman silang mag-usap. Hanggang sa dumating ang araw na hiniling ni Diego na makipagtalik kay Mara upang maipakita ang kanilang pagmamahal sa isa't isa.

Nagdalawang-isip si Mara dahil alam niyang mali ito. Nang akmang hahawakan ni Diego ang maselang parte ng katawan ni Mara, agad umiwas ito at ipinaliwanag kay Diego na mali ang binabalak niya.

TANONG:


1. Ano ang iyong masasabi sa sitwasyon ng magkasintahang Diego at Mara?
2. Sa iyong palagay, tama ba ang paraan ni Diego ng pagpapakita ng pagmamahal?
3. Ano-ano ang mga nasa sitwasyon na nagpapakita ng kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad?



Isaisip

Gawain 6 Natutunan ko

PANUTO: Punan ang graphic organizer base sa natutunan mo sa aralin. Kopyahin ito at sagutan sa iyong sagutang papel.



Ang aking natutunan



Isagawa

Gawain 7 Halimbawa

PANUTO: Magbasa o manood ng mga balita o tunay na kuwento (*real-life stories*) sa *internet* o sa *TV* na patungkol sa dignidad at sekswalidad ng tao. Sumulat ng isang halimbawa sa bawat isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad base sa iyong napanood o nabasa, at ang gawaing naglalahad nito. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel.

Isyu	Pamagat ng Balita o Kuwento	Gawaing naglalahad ng isyu mula sa balita o kuwento
Pre-marital sex		
Pornograpiya		
Pang-aabusong sekswal		
Prostitusyon		

Pamantayan sa pagbibigay ng iskor sa gawain:

10	8	5	2
Lahat ng mga balita o kwento na naibigay ay kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad	Isa sa mga balita o kwento na naibigay ay hindi kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad	Dalawa o tatlo sa mga balita o kwento na naibigay ay hindi kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad	Isa lang sa mga balita o kwento na naibigay ay kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad

Tanong:

1. Anong aral ang nakuha ko mula sa aking mga nabasa o napanood na maaari kong gamitin upang hindi ko maranasan sa aking sarili ang kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad?
2. Ano namang aral ang maaari kong gamitin upang hindi ko magawa sa iba ang kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad?



Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na tanong. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang pagsasagawa ng *pre-marital sex* ay humahantong sa:
 - A. Pagbibigay ng tiwala sa sarili
 - B. Pagbibigay ng inspirasyon sa kapwa
 - C. Pakiramdam na marumi at nagamit
 - D. Pakiramdam na nakatulong sa kapwa nangangailangan

2. Ang pakikipagtalik ay gawaing nararapat lamang gampanan ng mga:
 - A. Mag-asawang nais bumuo ng pamilya
 - B. Magkarelasyon na matagal nang nagmamahalan
 - C. Nagmamahalang gusting ipakita ang pagmamahal
 - D. Taong nais gawin ito na umaayon na gawin ang kilos.

3. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng pagpapakita ng paggalang sa seskswalidad at dignidad ng tao maliban sa isa:
 - A. Hindi pinakialaman ni Diego ang pagkababae ng kasintahan dahil sila ay hindi pa kasal.
 - B. Pinagalitan ni Dana ang kaniyang kaibigan dahil sa maling paniniwala tungkol sa sekswalidad.
 - C. Palaging nanonood si Pedro ng malalaswang palabas sa halip na gawin ang kaniyang takdang aralin.
 - D. Hinintay ni Juan na makapagtapos sila ng kaibigan ng pag-aaral bago sabihin ang kaniyang pagmamahal.

4. Ang paggamit ng kasarian ay para sa mag-asawa na ang layunin ay:
 - A. Paligayahin ang minamahal na kinakasama
 - B. Ipakita ang labis na pagmamahal sa bawat isa
 - C. Ipadama sa bawat isa ang pagmamahal at magkaroon ng anak.
 - D. Ibigay ang pangunahing pangangailangan ng bawat isa

5. Ang mga sumusunod ay mga pananaw ng tao na dahilan kung bakit kadalasan ang mga kabataan ay pumapasok sa maagang pakikipagtalik maliban sa isa
 - A. Ang pakikipagtalik ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal.
 - B. Ang pakikipagtalik ay normal at likas na pangangailangan ng ating katawan.
 - C. Ang pakikipagtalik ay hindi kabilang sa mga biyolohikal n pangangailangan.
 - D. Ang pakikipagtalik tama lang lalo na kung ang gumagawa nito ay parehong sang-ayon.
6. Ang layunin ng sekswalidad na kaloob sa atin ay upang:
 - A. Magkaroon ng maraming kaibigan
 - B. Makamit at madama ang tunay na pagmamahal
 - C. Maunawaan ang tunay na kahulugan ng sekswalidad
 - D. Maibahagi sa kapwa ang nalalaman tungkol sa sekswalidad
7. Ang mga sumusunod ay mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad maliban sa:
 - A. Paggalang sa sarili
 - B. Prostitusyon
 - C. Posrnograpiya
 - D. Pre-marital sex

8 – 9: Basahin ang sitwasyon at gamitin ang impormasyong nakapaloob dito kapag sinasagot ang item 8 at 9.

Matagal nang mag nobyo sina Pedro at Petra. Isang araw, inaya ni Pedro si Petra sa kanilang bahay. Dahil wala doon ang mga magulang ni Pedro, sinabi niya kay Petra na kung mahal niya ito papayag itong makipagtalik sa kanya habang hinihipoan ito.

8. Ano ang nararapat na gawin ni Petra sa sitwasyon?
 - A. Hiwalayan si Pedro dahil sa masamang balak nito
 - B. Isumbong si Pedro sa kaniyang mga magulang
 - C. Magalit kay Pedro at iwanan siyang mag-isa sa bahay
 - D. Hindi papayag sa gusto ni Pedro at ipaliwanag na mali ang nasa kaniyang isip
9. Anong isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at seskwalidad ang nasa sitwasyon?
 - A. Prostitusyon
 - B. Maagang pagbubuntis
 - C. Pang-aabusong sekswal
 - D. Pakikipagtalik nang hindi a kasal

10. Ano ang epekto ng pornograpiya sa tao?
- Binabago nito ang asal ng tao
 - Magkakaroon ng mas maraming kaibigan
 - Magiging responsible ang paungkol sa gawaing sekswal
 - Makapaghihikayat ng kapwa upang manood ng malalaswang palabas
11. Ano ang tumutukoy sa mahahalay na palabas, larawan o babasahin na may layunin na pukawin ang sekswal na pagnanasa ng tao?
- Pornograpiya
 - Prostitusyon
 - Senswalidad
 - Sekswalidad
12. Alin sa mga sumusunod ang nagpapatunay na ang prostitusyon ay mapagsamantala?
- Nakapagbibigay aliw ito sa mga tao
 - Nakatutulong ito sa mga nangangailangan
 - Nakapagbibigay ligaya sa mga taong may gusto nito
 - Ang taong bumubili ay sinasamantala ang kahinaan ng taong sangkot ditto
13. Ang isyung pakikipagtalik nang hindi pa kasal ay isyung may kinalaman sa:
- Pagkasira ng relasyon ng nagmamahalan
 - Pang-aabusong sekswal
 - Paninirang puri
 - Pre-marital sex*
14. Ang kadalasang binibiktima ng mga ito ay mga bata o kabataang may kahinaan ng kalooban. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy sa pangungusap?
- Matatanda
 - Pedophiles*
 - Parasites*
 - Magnanakaw
15. Ano ang sinasabing pinakamatandang propesyon o gawain?
- Prostitusyon
 - Pag-aartista
 - Pagtulong
 - Politiko



Karagdagang Gawain

Gawain 8 Ipaliwanag

PANUTO: Ipaliwanag kung paano naapektuhan ng mga sumusunod ang paggalang sa dignidad at sekswalidad ng tao. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Pornograpiya -
2. Pang-aabusong sekswal -
3. Prostitusyon -
4. Pre-marital sex -

Pamantayan sa pagbibigay ng iskor sa gawain 8:

	Maayos at makabuluhan ang pagpapaliwanag (5)	Maayos ang pagpapaliwanag (3)	Bahagyang maayos ang pagpapaliwanag (2)	Iskor
1				
2				
3				
4				

Gawain 9 Epekto

PANUTO: Sumulat ng 5 narinig/natuklasang isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad. Suriin kung ano ang magiging epekto ng isyu sa dignidad at sekswalidad. Gawin ito sa isang papel.

Sitwasyon	Epekto

Pamantayan sa pagbibigay ng iskor sa gawain 9:

15	12	10	7
Lahat ng sitwasyon ay isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad. Maayos na nasuri ang epekto ng sitwasyon sa sekswalidad at dignidad ng tao.	2 sa sitwasyon ay hindi isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad. Maayos na nasuri ang epekto ng sitwasyon sa sekswalidad at dignidad ng tao.	3 sa sitwasyon ay hindi isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad. Bahagyang nasuri ang epekto ng sitwasyon sa sekswalidad at dignidad ng tao.	Lahat ng sitwasyon ay isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa sekswalidad at dignidad. Hindi nasuri ang epekto ng sitwasyon sa sekswalidad at dignidad ng tao.



Susi sa Pagwawasto

Pagymanin Gawain 3 1. X 2. Y 3. X 4. Y 5. X 6. Y 7. X 8. Y 9. X 10. X	Tayahin 1. C 2. D 3. C 4. D 5. C 6. B 7. D 8. D 9. D 10. A 11. B 12. D 13. A 14. C 15. C	Subukin 1. B 2. A 3. C 4. C 5. D 6. C 7. A 8. B 9. D 10. D 11. C 12. D 13. D 14. C 15. A
---	--	--

Tuklasin
Gawain 1

1. Paghawak ng tatay sa meseselang parte ng katawan ng kanyang asawa sa harapan ng kanilang mga anak.
2. Paghiipo ng kanilang kapitbahay sa nakababata nilang kapatid.
3. Mahilig ang kuya sa panonood ng malalawang pelikula.
4. Pagbenta ng ina sa kanyang katawan upang makabayad ng utang.
5. Maagang pagbuubuntis ng kanilang ate at hini alam ang ama ng kanyang pinagbuubuntis.

Pagymanin
Gawain 4

1. Piniit ng inang kuman ang anak ng malalawang larawan upang ibenta.
2. Pumayag ang isang dalaga na ibigay ang kanyang pagkababae sa nobyo.
3. Ang paniniwalang ang **Premarital sex** pagkikipagtalik nang hindi pakasal ay normal dahil kailangan ng katawan.
4. **Premarital Sex** Pinaonod ni Laila ang video na may malalawang tema.
5. Hinipoan siya ng hindi kilalang tao sa sasakyan. **Pang-aabunsong Seksual**

Sanggunian

Aklat:

K TO 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes. 2020

Mula sa Internet

Fr. E. P. Hontiveros / S.j. Pananagutan: mula sa
<https://www.google.com/search?q=pananagutan&rlz>

ABS-CBN News. Murder o Homicide. <https://news.abs-cbn.com/life/07/27/17/murder-o-homicide-mga-krimen-sa-pagpatay-ng-tao-may-pinagkaiba-ba>

Brian P. David. New Christian Bible Study.
<https://newchristianbiblestudy.org/bible/tagalog-1905/genesis/2/17>

Catholic Apologies. Huwag Kang Papatay-Isang Pag-aaral sa Turo ng Simbahan.
<https://thesplendorofthechurch.com/2017/01/18/huwag-kang-papatay-isang-pag-aaral-sa-turo-ng-simbahan-by-juan-catolico/>

Culture of Death. Friday, February 26, 2021
<https://opinion.inquirer.net/95444/a-culture-of-death#ixzz6naH9CNgC>

Mas Ligtas sa Bahay na Kautusan sa Pagkontrol ng COVID 19. Long Beach Health Center. 2020
http://www.longbeach.gov/globalassets/health/media-library/documents/diseases-and-condition/information-on/novel-coronavirus/health-orders/safer-at-home-health-order_tagalog

Magandang Balita Biblia, Copyright © Philippine Bible Society 2012.
<https://www.biblegateway.com/passage/?search=Roma%2013&version=MBBTAG>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph